# ULAT LILA

Hulyo 2025




Center for Women's Resources
Since 1982

# Ang tumitinding pagdurusa ng kababaihan sa tatlong taon ni Marcos Jr.

Lubhang dama ng kababaihang Pilipino ang paglala ng krisis at pagsadsad ng pamumuhay sa kalagitnaan ng panunungkulan ng administrasyong Marcos Jr. Sa halip na magpatupad ng mga polisiya para sa ikauunlad ng mamamayan at kababaihan, patuloy ang pagpapatupad nito ng mga neoliberal na patakaran na batbat ng korapsyon at pagbibigay-pabor sa iilang malalaking dayuhang kapitalista, lokal na burgesya komprador, at mga panginoong maylupa.

Patuloy ang paglobo ng utang ng bansa, samantalang patuloy na tinitipid ang kababaihan sa mga serbisyong dapat nilang tinatamasa. Patuloy ang pagtaas ng presyo ng bilihin sa gitna ng krisis sa trabaho, kabuhayan, at malawakang kawalan ng lupa. Pinatindi rin ang militarisasyon at paglabag sa karapatang pantao ng kababaihan at mamamayan. Malinaw sa ganitong kalagayan ang pagkapako ng mga pangakong pag-unlad at kaginhawaan na binitiwan nila ni Sara Duterte noong eleksyong 2022.

Sa tatlong taon ng kasalukuyang administrasyon, anu-ano nga ba ang mga ipinatutupad na kontra-mamamayan, kontra-mahihirap, at kontra-kababaihang patakaran na patuloy na nagsasadlak sa masang Pilipino sa kahirapan?

## 1. Ang barya-baryang ₱50 na dagdag-sahod

Patuloy na binabarat ni Marcos Jr. ang sahod ng mga manggagawa upang bigyang-pabor ang malalaking lokal at dayuhang negosyo at pagsamantalahan ang lakas-paggawa ng mga manggagawa. Sa layuning mapanatili ang mga dambuhalang dayuhang kapitalista sa bansa, inaprubahan kamakailan ang mumong ₱50 na dagdag sahod sa National Capital Region (NCR) na hindi sapat sa gitna ng napakataas na presyo ng mga bilihin at bayarin.

Sa katunayan, pampabango lamang sa nabubulok na imahe ng administrasyon ang dagdag sahod na ito. Sabay sa ikatlong anibersaryo ng kanyang inagurasyon, ang dating ₱645 na *minimum wage* sa NCR ay itinaas sa ₱695— malayong-malayo pa rin sa panawagang ₱1,200 sahod kada araw para matugunan ang batayang pangangailangan ng isang pamilyang may limang miyembro.

## 2. Ang patuloy na pagsirit ng presyo ng mga bilihin at yutilidad

Hindi makaagapay ang pamilyang Pilipino lalo na ang kababaihang anakpawis sa pagsirit ng mga presyo at bayarin. Kahit may bahagyang pagbaba sa implasyon ngayong taon, hindi ito nagresulta sa pagbaba ng presyo ng bilihin at bayarin. Ipinagmamalaki ng administrasyon ang 14.3% na pagbaba sa rice inflation noong June 2025, pinakamababa sa kasaysayan mula noong 1995. Ngunit maaalalang naitala noong Enero 2024 ang pinakamataas na rice inflation na umabot sa 22%[1].

---


[1]Rivas, R. (2024, February 6). *Inflation eases, but Rice-loving Filipinos still feeling price pressures.* RAPPLER. https://www.rappler.com/business/inflation-rate-philippines-january-2024/

Naghahabol ang gobyerno ni Marcos Jr. na gawing ₱20 ang bigas sa programa nitong Benteng Bigas Meron Na (BBM Na!) subalit nanatiling kakaunti at sa piling mga komunidad lamang ito makikita. Sa programang Kadiwa, may panaka-naka at kalat-kalat na pagbebenta ng bigas pero mas mataas pa rin sa ₱20 kada kilo ang bentahan. Kadalasan pa, ginagawa ito sa mga panahong kailangang magpabango ng imahe sa publiko ang administrasyon.

Halos buwan-buwan ang dagdag singil sa kuryente at tubig, habang linggu-linggo ay may pagtaas sa presyo ng langis. Ngunit kahit hirap nang magbadyet ng kakarampot na kita ng pamilya, patung-patong na buwis pa ang binabayaran ng kababaihan. Sa katunayan, ang pang-araw-araw na konsumo ng ordinaryong mamamayan ang pinakamalaking pinagkukunan ng kita o revenue ng gobyerno sa pamamagitan ng *indirect taxes* gaya ng value-added tax (VAT). Umaabot sa 29.8% ng kabuuang national government revenue na nagmumula sa VAT habang nasa 13.9% naman ang excise taxes (Tsart 1).

Kaya't may trabaho man o wala, pasan ng nagdarahop na kababaihan ang pagpapataw ng regresibong buwis . Dagdag na pasanin pa ang buwis sa digital services. Nakaamba rin ang iba pang dagdag-buwis tulad ng excise tax sa single-use plastic bags, motor vehicle road user's tax, at iba pa.

**Tsart 1. National Government Revenues by Major Source, 2022**




Sa kabilang banda, lalong pinababa ang buwis ng mga korporasyon at dayuhang namumuhunan sa pamamagitan ng iba't ibang tax incentives tulad ng Income Tax Holiday (ITH), Special Corporate Income Tax (SCIT), Duty at VAT Exemption sa ilalim ng Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises Law (CREATE Law) upang ma-engganyo ang pamumuhunan at negosyo sa bansa.

Resulta nito, patuloy na pagkamal ng yaman ng pinakamalalaking burgesya komprador tulad nina Ramon Ang, Enrique Razon, at Manny Villar. Sa loob lamang ng tatlong taon, lumobo ng bilyun-bilyong piso ang kanilang yaman, samantalang ang milyun-milyong Pilipino ay nabubuhay sa "maraming-kahig, isang tuka" sa bawat araw (Talahanayan 1).

| Talahanayan 1. Kita ng pinakamalalaking burgesya komprador sa bansa (2022-Abril 2025) | | |
|---|---|---|
| **Pinakamalalaking burgesya komprador** | **2022** | **April 2025** |
| Ramon Ang | $2.5 bilyon | $3.7 bilyon |
| Enrique Razon | $5.6 bilyon | $10.9 bilyon |
| Manny Villar | $7.8 bilyon | $17.2 bilyon |
| Source: IBON Foundation | | |

## 3. Ang pagkatala ng pinakamataas na tantos ng kahirapan sa loob ng 21 taon

Umabot sa pinakamataas ang tantos ng kahirapan sa Pilipinas bago ang eleksyon noong Mayo 2025. Sa self-rated poverty survey ng Social Weather Stations (SWS) noong Abril 2025, tinatayang 55% o 15.5 milyong pamilyang Pilipino ang nagsabing sila ay mahirap[2]. Patunay ito na patuloy ang paglala ng kahirapan sa ilalim ng administrasyong Marcos Jr. Batay sa parehong survey, umabot pa ito sa 63% o 17.4 milyong pamilyang Pilipino sa pagtatapos ng 2024—pinakamataas mula 2003[3].

Ayon sa isang senior citizen na manggagawang bukid sa Nueva Ecija, *"Kinakailangan [ko] pa ring kumayod para may pangtustos sa mga gastusin. Dati nagtitinda [ako] ng isda, gulay, at iba pa. Sumubok din [akong] magtinda ng fish ball, nagtayo rin ng sari-sari store, ngayon naging "sara-sara" store na dahil nalulugi ito at wala nang maipuhunan."*

## 4. Ang pambabaluktot ng datos, kawalan ng trabaho at kabuhayan, at pagpasok sa impormal na paggawa

Itinatago ng gobyerno ang tunay na kalagayan hinggil sa kawalan ng trabaho at kabuhayan sa bansa sa pamamagitan ng paggamit ng konserbatibong pagtataya sa datos. Halimbawa, ang isang tao na nagtatrabaho ng kahit isang oras lamang sa isang linggo ay maaaring maituring na "employed" sa opisyal na datos ng gobyerno. Noong Disyembre 2024, nasa 96.9% ang "employed"[4] ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA), subalit hindi sinasabi kung anong klase ng trabaho o kabuhayan ang mga ito.

---

[2] GMA Integrated News. (2025, April 27). *SWS: 55% of Filipino families consider themselves poor*. GMA News Online; https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/944103/sws-55-of-filipino-families-consider-themselves-poor/story/

[3] BORDEY, H. (2025, January 8). *SWS: Self-rated poverty at 63% in Dec. 2024, highest in 21 years*. GMA News Online. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/932224/sws-self-rated-poverty-at-63-in-dec-2024-highest-in-21-years/story/

[4] Mangaluz, J. (2025, February 6). *1.63 million Filipinos jobless as of December 2024*. Philstar.com. https://www.philstar.com/business/2025/02/06/2419638/163-million-filipinos-jobless-december-2024

Nananatili ring mababa ang labor force participation rate (LFPR) ng kababaihan. Naitala lamang ito sa 55.8 %, kumpara sa 76.4% para sa mga kalalakihan (Disyembre 2024).

Gayundin, milyun-milyong kababaihan ang hindi kinikilala bilang bahagi ng produktibong pwersa sa paggawa. Sa halos 79.3 milyong Pilipino na edad 15 taon at pataas noong, mahigit 28 milyon ang hindi kabilang sa lakas paggawa o labor force at 18.175 milyon nito ay kababaihan[5] (Nobyembre 2024).

Bunga ng kawalan ng mga oportunidad sa trabaho at mga serbisyong panlipunan lalo na sa kanayunan, napipilitan ang maraming kababaihan na pumasok sa mga trabaho at kabuhayan na hindi regular, mababa ang sahod at kita, walang anumang benepisyo at walang takdang oras. Dagdag sa pasanin ng kababaihan ang pag-ako sa pagtugon sa pangangalagang pangkalusugan ng pamilya na dapat sana ay tinitiyak ng gobyerno.

## 5. Ang tumitinding kondisyon sa paggawa ng kababaihang manggagawa

Walang magandang pagbabago, bagkus, lumala ang kalagayan ng manggagawang kababaihan lalo na sa mga export processing zones (EPZs). Upang matiyak ang patuloy na pagkamal ng dambuhalang tubo, nagpapatupad ang mga kapitalista ng iba't ibang paraan ng pagsasamantala sa lakas paggawa ng mga manggagawang kababaihan.

Halimbawa nito ang pagpapataw ng quota system sa isang pagawaan ng garment sa loob ng Cavite Export Processing Zone (CEPZ). Kinakabitan ang mga manggagawa ng "G-Pro" *device* na awtomatikong nagmo-monitor ng kanilang oras sa paggawa sa ultimong layunin na maabot ang mas mataas na quota kada araw (220 mula sa dating 200 piraso kada 12 oras na paggawa). Sa pagnanais na maabot ang takdang quota, halos hindi na makapananghalian at makapag-toilet break ang mga manggagawa. Sa kabila nito, hindi naaabot ang takdang quota kaya walang nakakakuha ng dagdag na insentibo. Pahirap din ang hindi makataong kondisyon sa paggawa tulad ng hindi maayos na bentilasyon at kahit ang inuming tubig ay binebenta sa mga manggagawa. Hanggang sa paglilinis sa loob ng pabrika ay trabaho pa rin ng mga kababaihang manggagawa. Dagdag pa rito ang panggigipit ng management kapag nalalaman na sila ay lumalahok sa mga aktibidad at/o nagiging miyembro ng mga unyon.

Ito ang ilan sa mga pangunahing dahilan kung bakit sa kalaunan ay napipilitang magbitiw sa trabaho ang mga kababaihang manggagawa at maghanap ng iba pang mapagkakakitaan.

## 6. Ang lantarang korapsyon at pagsaid sa kaban ng bayan

Sunod sa yapak ng kanyang ama, legasiya ng administrasyong Marcos Jr. ang mga programang batbat ng korapsyon na sumasaid sa kaban ng bayan. Noong 2023, isinabatas ang Republic Act 11954 o Maharlika Investment Fund Act na siyang bumuo sa Maharlika Investment Corporation (MIC). Ang MIC ang namamahala sa Maharlika Investment Fund

[5] PSA. (2025). *Unemployment Rate in December 2024 was Estimated at 3.1 Percent*. psa.gov.ph. https://psa.gov.ph/statistics/labor-force-survey/node/1684066682

(MIF). Ang panimulang pondo nito ay binubuo ng ₱50 bilyon mula sa Landbank of the Philippines (LBP), ₱25 bilyon mula sa Development Bank of the Philippines (DBP), at ₱50 bilyon mula sa badyet ng pambansang gobyerno na sa esensya ay mula sa buwis na sinisingil sa mamamayan. Ito ang ginagamit ngayon bilang puhunan sa malalaking proyektong imprastraktura, mapanirang pagmimina (tulad ng Makilala Mining Project), at iba pang proyektong pangunahing makikinabang ang mga kroni ni Marcos Jr. at mga dayuhang kapitalista.

Sa kabuuan, ₱28 bilyon na ang inilabas ng MIC para sa mga proyektong ito. Plano pa nitong mamuhunan sa tatlong malalaking proyekto ngayong taon, kabilang na ang mga proyekto sa transportasyon, logistics, at digital infrastructure na nagkakahalaga ng ₱10 bilyon.[6]

Lantarang pagnanakaw ang paglipat sa ₱89 bilyong pondo ng PhilHealth na nagmumula sa kontribusyon ng mga miyembro nito tungo sa Department of Finance (DOF) na magiging daluyan ng badyet na ilalaan umano sa iba pang proyekto ng gobyerno. Garapalang pagmamaniobra ito sa polisiya ng PhilHealth dahil nilalabag nito ang sariling mandato na ang bawat pondong naiipon nito ay dapat na gamitin lamang sa pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan.

Walang pagpapanagot sa mga kaso ng korapsyon si Marcos Jr.  Hanggang ngayon, patuloy na inaantala ang impeachment case laban kay Bise Presidente Sara Duterte at sa kanyang kontrobersyal na paggastos sa ₱612 milyong confidential and intelligence funds (CIF) noong siya ay kalihim pa ng Department of Education (DepEd). Ngunit mas mahalagang kuwestiyunin ang napakalaking CIF ni Marcos Jr. Sa katunayan, ayon sa Commission on Audit (COA), siya ang may pinakamalaking CIF na ginastos noong 2023 na nagkakahalaga ng ₱4.5 bilyon[7]. Ngayong taon, ₱4.5 bilyon pa rin ang pondong nakalaan para dito.

## 7. Ang paglobo ng utang at pagtitipid sa serbisyong panlipunan

Umabot na sa ₱16.92 trilyon ang utang ng Pilipinas sa pagtatapos ng Mayo 2025, mula sa ₱12.79 trilyon noong maupo si Marcos Jr. sa pwesto noong 2022. Ilan sa mga panibagong utang ng gobyerno ang ₱66 bilyon mula sa Japan International Cooperation Agency (JICA) para sa mga proyektong imprastraktura, pangkalusugan, at pagtugon sa epekto ng climate crisis[8]; ₱1.71 bilyon mula sa Asian Development Bank (ADB) para sa physical connectivity at health sector interventions, at ₱0.91 bilyon mula sa International Bank for Reconstruction and Development (IBRD) para sa agricultural and health sector programs – mga proyektong hindi tiyak kung maghahatid ng tunay na kaunlaran at serbisyo para sa mamamayan.

---

[6] De Vera, B.A. (2025, May 8). Maharlika eyes ₱35-37 billion in investments before 2025 ends. https://mb.com.ph/2025/05/08/maharlika-eyes-35-37-billion-in-investments-before-2025-ends

[7] Panti, L. T. (2024 December 9). COA: Office of the President is top confi, intel fund spender. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/929472/coa-president-bongbong-marcos-confi-intel-funds-sara-duterte/story/

[8] Japan International Cooperation Agency. (2025, March 24). *PHL and JPN ink five loan agreements for key infrastructure and development projects | Where We Work - JICA*. Jica.go.jp. https://www.jica.go.jp/english/overseas/philippine/information/press/2024/PR51_phlandjpnfiveloanagreements.html

Gayunpaman, sa laki ng dagdag na mga inutang, hindi maramdaman ng kababaihan ang pondong inilaan para sa serbisyong panlipunan. Patuloy na binabalikat ng mamamayan ang gastos sa kalusugan. Ayon mismo sa PSA, 44.4% o ₱550.2 bilyon ng health spending noong 2023 ay galing sa bulsa ng mga Pilipino, habang 42.6% lang o ₱528 bilyon ang mula sa gobyerno[9].

Samantala, nananatili ang krisis sa edukasyon. Sa 24 milyong mag-aaral sa buong bansa, 5.1 milyon ang "aisle learners," o sobra sa ideyal na 25 hanggang 45 estudyante kada silid-aralan habang umabot na sa 165,443 ang kakulangan sa mga silid-aralan sa bansa sa pagtatapos ng 2024. Dagdag pa, higit 2,000 paaralan ang walang sapat at maayos na linya ng kuryente na malaking balakid sa pag-aaral at panganib sa kaligtasan ng mga estudyante. Kalakhan sa mga paaralang ito ay matatagpuan sa North Cotabato, Palawan, Sulu, Zamboanga del Sur, at Negros Occidental[10].

## 8. Ang mga band-aid na solusyon bilang panakip sa mga problema ng nagdarahop na mamamayan

Sa ilalim ni Marcos Jr., sistematikong ginamit ng gobyerno ang mga band-aid solutions sa halip na tugunan ang ugat ng kahirapan. Ginagamit ang dole-out na mga programa tulad ng Assistance to Individuals in Crisis Situations (AICS), Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers (TUPAD), at Ayuda para sa Kapos ang Kita (AKAP). Patunay ito na walang layunin ang gobyernong Marcos Jr. na bigyang solusyon ang ugat ng kahirapang dinaranas ng mamamayang Pilipino. Bagkus, ibayo pa nitong sinistematisa ang pagpapalaganap ng kaisipang "mendicancy" o pamamalimos at "political patronage" sa pamamagitan ng mga programang ito sa layuning manatili sa poder at kapangyarihan ang kasalukuyang gobyerno.

Sa nakaraang eleksyon, naging instrumento ng pamumulitika ang mga programang ito. Sa halip na itulak ang makabuluhang reporma, ginagamit ang ayuda upang palakasin ang suporta sa administrasyon at mga alyadong politiko.

Samantala, kung inilaan sa serbisyong panlipunan ang pondong para sa mga band-aid programs, mas makabuluhang maiaangat ang kalidad ng buhay ng kababaihan. Halimbawa, ang ₱44.7 bilyong badyet ng AICS ay sapat upang makapagtayo ng halos 28,000 housing units, ang ₱26 bilyon para sa AKAP ay maaaring gamitin sa pagtatayo ng mahigit 10,000 silid-aralan, at ang ₱18.3 bilyon para sa TUPAD ay kayang magbigay ng ₱60,000 edukasyonal na subsidiya sa mga estudyante. Maging ang ₱4.5 bilyong confidential fund (CIF) ni Marcos Jr. at ₱612 milyon ni Sara Duterte noong nakaraang taon ay mas maaari pa sanang nagamit sa pagpapaunlad sa agrikultura at lokal na industriya.

[9] Philippine Statistics Authority. (2024, August 13). Philippine National Health Account. https://psa.gov.ph/statistics/pnha

[10] The Second Congressional Commission on Education. (2025, January 28). The EDCOM 2 Year Two Report. https://edcom2.gov.ph/

## 9. Ang pagdami ng mga kaso ng karahasan laban sa kababaihan

Ang pagtindi ng kahirapan ay nagdudulot ng ibayong bulnerabilidad ng kababaihan laban sa karahasan. Hindi sumasapat ang mga batas para tiyakin ang kanilang kaligtasan.

Sa ilalim ng administrasyong Marcos Jr., patuloy na tumataas ang kaso ng pang-aabuso sa kababaihan. Umabot sa 12,046 ang naitalang kaso ng violence against women (VAW) mula Enero hanggang Nobyembre 2024—katumbas ng 36 kababaihan kada araw. Mahigit 60% nito ay domestic violence. Mas mataas ito kaysa sa 11,585 kaso noong 2023, at konserbatibo pa ang bilang dahil sa malalang underreporting. Maraming biktima ang hindi nagsusumbong dahil sa *victim-blaming*, takot, kakulangan ng impormasyon, at kawalan ng tiwala sa mga awtoridad.

Sa kabila ng dumaraming kaso, bigo ang pamahalaan ni Marcos Jr. na maglatag ng epektibong mekanismo upang magbigay proteksyon sa mga biktima. Sa datos ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) noong 2023[11], 14 lamang ang Haven for Women and Girls sa buong bansa na nagsisilbing *centers and residential care facilities* (CRCFs) ng DSWD na nagbibigay ng iba't ibang serbisyo para sa mga kababaihang biktima ng karahasan. Nananatili ring kapos ang pondo para sa mga shelter na ito. Ngayong taon, ₱2.9 bilyon lamang ang pondong nakalaan sa mga ito, kung saan kasama na ang CRCFs na tumutugon sa iba pang bulnerableng sektor.

Lalo itong pinapalala ng kultura ng impunidad. Sa kabila ng mga kasong isinampa laban kay Pastor Apollo Quiboloy, pinayagan pa rin siyang tumakbo sa Senado noong 2025 - nagpapakita ng kawalan ng pagpapahalaga sa kagalingan at kaligtasan ng mga kababaihan at bata.

## 10. Ang mga higanteng proyektong imprastraktura at pandarambong sa kalikasan

Sa ilalim ng administrasyong Marcos Jr., agresibong itinutulak ang malalaking proyektong imprastruktura at pagmimina sa ngalan ng kaunlaran, ngunit sa katunayan ay upang bigyang pabor ang malalaking lokal at dayuhang negosyo. Sa pagkamal nila ng dambuhalang kita, malawakang pagpapalayas, pagkasira ng kalikasan, at militarisasyon ang dulot nito sa mga komunidad. Sa kabuuan, may 185 *infrastructure priority programs* na nagkakahalaga ng ₱9.14 trilyon, kabilang ang mga dam at proyekto sa pagmimina. Sa ilalim ni Marcos Jr. tinanggal ang moratorium sa *open-pit mining* upang palakasin ang produksyon ng copper at nickel, sa layuning triplehin ang laki ng sektor ng pagmimina pagsapit ng 2027.

Kasabay nito, isinusulong din ang mga reklamasyon tulad ng sa Manila Bay (13 aprubado, 187 iminungkahi), at proyekto sa Laguna de Bay na lubhang nakaapekto sa kabuhayan ng libo-libong mangingisda. Lalo namang pahihinain ni Marcos Jr. ang proteksyon sa mga lupang agrikultural sa pagtutulak ng National Land Use Act (HB 8162) na magpapabilis sa *land use conversion* at banta sa kabuhayan ng kababaihang magsasaka.

---

[11] DSWD (2023). DSWD CENTERS AND RESIDENTIAL CARE FACILITIES (CRCFs). https://standards.dswd.gov.ph/wp-content/uploads/2023/03/List-of-Accredited-DSWD-CRCFs-03162023.pdf

Isinulong din sa ilalim ng kanyang termino ang pag-apruba sa *priority bill* na nagpapahintulot sa mga dayuhang mamumuhunan na umupa ng pribadong lupa nang hanggang 99 taon, higit pa sa dating limitasyong 50 taon. Magreresulta ito ng mas malawak pang dayuhang kontrol sa likas na yaman ng bansa, sa halip na tunay na reporma sa lupa para sa kapakinabangan ng maralitang magsasaka at ng mamamayan.

## 11. Ang patuloy na pagiging sunud-sunuran ng gobyernong Marcos Jr. sa imperyalistang US

Mas pinatindi ni Marcos Jr. ang pagsangkalan ng kaligtasan ng bansa dahil sa bulag na pagsunod nito sa mga dikta ng imperyalistang Estados Unidos. Sa loob lamang ng tatlong taon, apat na bagong Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) sites ang itinayo sa bansa. Pinalawig pa ang iba't ibang pagsasanay at paghahanda gaya ng Balikatan Exercises, at halos wala nang patlang ang pag-istasyon at pag-ikot ng libu-libong sundalong Amerikano sa bansa. Ngayong taon, isinagawa ang pinakamalaki at pinakamasaklaw na Balikatan Exercises sa pagsasagawa ng "full battle test simulation" ng tinatayang 14,000 mga sundalo mula sa Pilipinas, US, Australia, at Japan kasama ang mga observers mula sa 16 na bansa.

Lalo pang inilagay sa panganib ni Marcos Jr. ang mamamayan dahil sa pagpapapasok nito sa Typhon Missile System ng US sa bansa. Nakaumang ang missile launcher na ito sa China at may kakayahang magpalipad ng Tomahawk Land Attack Missile at Standard Missile sa layong 2,500 kilometro na lalo pang mang-uupat ng tensyon at gera. Una itong ginamit noong 2024 Balikatan, hindi na inalis sa bansa at inilipat lamang mula sa Laoag Airport tungo sa ibang bahagi ng Luzon.

Nito Abril, pinirmahan din ng Pilipinas at New Zealand ang Status of Visiting Forces Agreement (SOVFA) upang gawing military playground ng mas marami pang bansa ang Pilipinas[12]. Pumirma rin ng kasunduan ang Japan at Pilipinas ng Reciprocal Access Agreement (RAA) noong 2024 habang nasa proseso naman ang katulad na kasunduan sa France, Canada, Germany, at South Korea. Sa gitna ng tumitinding *geopolitical* na tensyon sa pagitan ng US at China, ang mga alitan sa teritoryo at mga aktibidad ng militar sa West Philippine Sea ay nagpapataas ng panganib na mahatak ang bansa sa isang proxy war.

Kasabay nito ang epekto sa mga komunidad malapit sa mga EDCA sites at military exercises area. Naiulat ang pagkawala ng trabaho at kabuhayan bunsod ng sapilitang paglikas o pagbabawal sa pangingisda, pagsasaka, at pag-alis sa maliliit na negosyo, upang bigyang-daan ang mga pasilidad-militar.

Ang iba naman ay napilitang pumasok sa hindi tiyak at mababang pasahod na trabaho, habang mataas ang posibilidad ng pagdami ng kaso ng karahasan laban sa kababaihan, prostitusyon, at pagsasamantala.

[12] Cabato, L. (2025, April 30). *PH, NZ sign Status of Visiting Forces Agreement*. INQUIRER.net. https://globalnation.inquirer.net/275241/fwd-courtesy-call-of-new-zealand-minister-of-defense-judith-collins-to-marcos

## 12. Ang patuloy na paglabag sa karapatang pantao

Sa kabila ng mga pahayag ni Marcos Jr. sa pandaigdigang entablado na tinitiyak niya ang karapatang pantao, patuloy ang atake sa mga mamamayan na nagsusulong ng kanilang mga demokratikong karapatan. Higit limang milyon na ang naiulat na kaso ng pagbabanta, panliligalig, at intimidasyon[13]. Mayroong 745 ang nasa piitan kung saan 160 ang nakulong sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon. Sa bilang na ito, 148 ang kababaihan habang 106 ang matatanda (hanggang noong Marso 2025). Nakapagtala na rin ng 124 kaso ng extrajudicial killings.

Sa mga nakaraang tao, naiulat ang partikular na mga kaso laban sa mga kababaihang aktibista, development workers, at human rights defenders. Marami sa kanila ang sinampahan ng Terrorism Financing Prevention and Suppression Act of 2012, kabilang sina Alaiza Mari Lemita, Desiree Patuñ-og, at Sarah Abellon-Alikes—pawang mga kababaihang community organizer at tagapagtanggol ng karapatang pantao. Ilang NGOs tulad ng Community Empowerment Resources Network (CERNET) at Paghidaet sa Kauswagan Development Group (PDG) din ang target ng kriminalisasyon, sa kabila ng matagal na nilang serbisyo sa mga komunidad. Ayon sa Defend NGOs Alliance, hindi bababa sa 69 development workers at 29 NGOs ang kinasuhan ng terrorism financing noong 2024.

Sa ilalim ng pamumuno ni Marcos Jr., pinanatili at pinalakas pa ang mga mapaniil na batas at programa para pigilan ang anumang uri ng paglaban. Tatlong beses na mas malaki ang badyet ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) ngayong 2025 sa ₱7.8 bilyon, kumpara sa ₱2.1 bilyon noong 2024. Lalo pa itong binigyan ng kapangyarihan sa paglabas ng Memorandum Circular 83 para sa National Action Plan for Unity, Peace, and Development (NAP-UPD) 2025-2028, kung saan kabilang ang pakikipag-ugnayan sa pribadong sektor, mga civil society organizations, at iba pang stakeholders kaugnay ng monitoring at feedback sa implementasyon ng NAP-UPD. Hindi malayong magresulta ito sa mas sistematiko at mas malawak na paglabag sa karapatang pantao.

---

[13] Karapatan. (n.d.). *Karapatan*. www.karapatan.org. https://www.karapatan.org

## Patuloy na paglaban ng mamamayan, kasama ang kababaihan

Ang ibayong pagtindi ng kahirapan, kagutuman, at paglabag sa mga batayang karapatan ng pinakamaraming mamamayang Pilipino, kasama ang kababaihan, ay resulta ng pagtalima ng gobyernong Marcos Jr. sa mga kasunduan, programa, at polisya ng mga imperyalistang bansa sa pangunguna ng Estados Unidos. Pinatitindi ang pagpapataw ng mga polisiyang pang-ekonomiya at militar sa mga neokolonyag bayan tulad ng Pilipinas sa layuning maampatan ang nararanasan nitong matinding kapitalistang krisis.

Subalit hindi patitinag ang kababaihan at mamamayan. Ang nararanasang kahirapan, kawalan ng abot-kaya at dekalidad na panlipunang serbisyo, at paglabag sa karapatang pantao ang nagtutulak sa kanila na tumindig at lumaban sa iba't ibang porma at pamamaraan. Walang ibang pinakamabisang paraan ng paglaban kundi ang pagtanaw na makakamit ang tunay na pagbabago sa pamamagitan ng patuloy na pagbibigkis at pagkakaisa upang makamit ang solidong lakas na hahambalos sa gobyernong Marcos Jr. at sa imperyalismong US.

**Center for Women's Resources**
127-B Scout Fuentebella Street, Brgy. Sacred Heart
Quezon City, 1103 Philippines
www.centerforwomensresources.org
cwr@centerforwomen's resources.org
(63-2) 7758-5784

The Center for Women's Resources is a non-stock, non-profit, non-governmental women's service institution that provides research, education and training advocacy and publications, library and data banking service for and about women.